

# Higit pa sa mga Hibla ng Buhok ni Aysel

*Kwento ni **Nicole Vera S. Cruz***
*Guhit ng **Eunoia Creatives***

**Higit pa sa mga Hibla ng Buhok ni Aysel**

Copyright © 2023 by Eunoia Creatives
Story copyright © 2023 by Nicole Vera S. Cruz
Illustrations copyright © 2023 by Eloisa Joy B. Saurin, Allexzandra Phaye M. Francisco, David Martin P. Sarmiento and Bianca Coleen F. Del Rosario

Children's Book Print by Tru Printing Services

This book may not be reproduced in whole or in part, in any form, without the written permission of the Eunoia Creatives.

All rights reserved.



Ang librong ito ay
pagmamamay-ari ni







Si Aysel ay isang masayahing bata, ang mahaba niyang buhok ay ubod ng itim at aabot sa may baywang. Kayumanggi at katamtaman ang tangkad ni Aysel.

Ilang buwan pa lamang ang nakalilipas noong pumanaw ang kanyang tatay. Kaya naman, lumipat sila ng kanyang nanay na si Aling Melba sa isang maliit na bahay na matatagpuan sa Sitio Kalaw.



Araw-araw pagkagaling sa eskwela ay laging nasasabik si Aysel na umuwi. Paniguradong may bago na namang tahing kostyum ang kanyang nanay, na isang mananahi sa Teatro Kalaw. Isa itong lumang sinehan na ginawang tanghalan at sikat na sikat ito sa kanilang lugar.



Pag-uwi ni Aysel ay hindi niya nadatnan ang kanyang nanay. May iniwan itong sulat at nalaman niyang pumunta ito sa bayan para bumili ng mga pandisenyo sa kostyum. Lalo siyang natuwa nang malaman ito dahil may pagkakataon na siyang pumuslit sa koleksyon ng magagarang damit ng kanyang nanay na gamit sa teatro.



Maayos na nakatago ang mga damit sa sabitan sa loob ng isang malaking aparador na may salamin sa harap. Pagbukas ni Aysel ng aparador ay nagningning ang kanyang mga mata. Nakita niyang nakasabit na rito ang bagong gawang kostyum na pamprinsesa at ang malagintong buhok na kakulay ng mais na katerno nito. Gagamitin ito sa isang buwan para sa pagtatanghal sa teatro.



Dali-dali niyang sinukat ang damit at peluka sa harap ng salamin. Bakas sa kaniyang mukha ang malaking ngiti dahil tila ba naging isang tunay siyang prinsesa.

*"Taaaaaada! Oh, diba ang ganda".* Wika ni Aysel sa kaniyang sarili.

*"Sana dumating ang isang araw na makapagtanghal din ako sa entablado at masuot ko itong mga tinatahi ni nanay."*



Nang biglang may narinig si Aysel na tumatawag
mula sa labas ng kanilang bahay
at napatigil siya sa kaniyang ginagawa.

**"Aysel! Aysel! Aysel!"** sigaw ni Bianca.



Sumilip si Aysel sa maliit na puwang ng bintana at nakita nya ang kaniyang kaibigan na si Bianca.

*"Bakit!? Ano yooon!?"* pasigaw ding sagot ni Aysel habang isiniwang ang ulo sa labas ng bintana.

*"Uy, sabi mo sabay tayong uuwi? Bakit hindi mo ko hinintay?"*

*"Pasensya na, nagmamadali kasi ako eh. Sabay na lang tayong pumasok bukas"* sagot ni Aysel.



Matitigil sila sa kanilang pag-uusap ng may hihintong traysikel sa tapat ng kanilang bahay, sakay nito si Aling Melba. ***"Sige ba-bye na, bukas na lang"*** wika ni Aysel kay Bianca.

Dali-dali niyang hinubad ang kostyum na pamprinsesa at ibinalik ito sa aparador.





Tatanggalin na sana ni Aysel ang peluka, pero hindi sinasadyang natalisod niya ang kanyang nanay mula sa mahabang buhok. Kaya naman nagka buhol-buhol ito.

*"Anong ginagawa mo!? Hindi ba sabi ko sayo,
huwag mong pakikialaman ang mga kostyum sa aparador!
Ayan tuloy nagka buhol-buhol na ang peluka.
Ayusin mo 'yan Aysel!."* galit na sambit ni Aling Melba.

*"Pasensya na po 'nay. Nagandahan lang po
ako sa kostyum at sinukat ko lang saglit."*

Pagkatalikod ni Aling Melba, mapapangiti ito, alam niya naman
ang dulot na ligaya ng mga makukulay na damit sa kanyang anak.



Kinabukasan sabay na pumasok si Aysel at Bianca sa eskwelahan. Si Bianca ay ang matalik na kaibigan ni Aysel. Isang kanto lang ang layo ng bahay ni Bianca mula sa kanila kaya madalas sabay silang naglalakad sa pagpasok sa eskwelahan maging sa pag-uwi. Habang naglalakad sila papunta sa silid-aralan ay biglang may napansin si Bianca sa bulletin board tungkol sa pa-awdisyon ng Teatro Kalaw.



Nang sumapit ang uwian dali-daling silang nagpunta sa Teatro Kalaw para mag-awdisyon. Ang maliit na entablado ay may malaking lumang pulang kurtina at may isang nakatutok na ilaw sa gitna. Makikita naman sa ibaba ng entablado si Kuya Beni ang namumuno sa teatro.



*"Uy Aysel, salamat ha at sinamahan mo 'ko."* ani Bianca

*"Sige pumunta ka na sa gitna, dito nalang ako sa likod."* sambit ni Aysel



Natapos na ang awdisyon ni Bianca at biglang nagsalita si Kuya Beni. *"Ikaw dyan sa likod, oo ikaw. Bakit hindi mo subukan mag awdisyon?"* wika niya sabay turo kay Aysel

*"A-a-a-ako po?"* gulat na sagot niya. Nagkatinginan ang magkaibigan na si Aysel at Bianca.





Kinabukasan, hinihintay ni Aysel si Bianca sa may mga upuan sa labas ng eskwelahan dahil sabay silang uuwi.
Habang nag-hihintay ay biglang lumapit si Moris na may dalang mais na binili niya sa tindera sa labas ng eskwelahan.



*"Hinihintay mo si Bianca? Alam ko umuwi na siya eh."* wika ni Moris

*"Ha? May usapan kasi kami na sabay kaming uuwi. Kanina pa nga ako rito eh."*



“Mukhang hindi na dadating yun, baka nagtatampo.
Kahit noong hindi ka pa lumilipat dito, alam kong gustong-gusto
na niyang maging prinsesa sa pagtatanghal.

Ikaw yung natanggap pero bakit parang hindi ka masaya?
Oh eto mais, hati tayo, unang regalo ko sayo
bilang isang prinsipe.“ wika ni Moris at pinutol niya sa gitna ang mais



“Ano ka prinsipe ng mais? Haha! salamat“ sagot ni Aysel.

“Oh, pano ba ‘yan, sige magkita na lang tayo bukas sa unang praktis hah. Paalam!“

Kaway ang itutugon ni Aysel.

Umabot pa ng ilang minutong paghihintay si Aysel. Pero hindi dumating si Bianca, kaya minabuti niya na lang na umuwi. Patakbong umuwi si Aysel dala ang hindi maitagong sayang nararamdaman.



*"Nay, nay, naaaaayyy! Natanggap po ako sa awdisyon ng Teatro Kalaw! Magkakaroon po ng pagtatanghal sa isang buwan at ako ang napiling gumanap na Rapunsel. Eksayted na nga po ako sa unang praktis namin bukas eh."*

Hindi kikibo si Aling Melba at aakayin sa pag-upo ang anak para kausapin. *"Anak, alam ko naman na matagal mo ng pangarap na magtanghal sa entablado. Pero hindi ka kasi pwedeng magtanghal dahil sa kondisyon mo."* Malumanay na paliwanag ng kanyang ina.



"Bakit naman po 'nay? Magaling naman po akong umarte.
Lagi rin po akong nagpapraktis sa harap ng salamin
at pangarap ko po talagang masuot ang mga tinatahi ninyo."

"Aysel, walang duda na may angking talento ka. Ang ipinag-aalala ko lang ay baka malaman ng iba ang sakit mo at baka mapahiya o masaktan ka habang nasa entablado."

"Mag-iingat naman po ako 'nay."

"Anak, hindi talaga pwede. Sana maintindihan mo si Nanay kasi gusto lang kitang protektahan. Ako na lang ang magsasabi sa kanila bukas."

"Kung totoo na may talento po ako bakit po nagdududa po kayo sakin?"

"Hindi naman sa ganon anak."

"Oh dahil siguro walang prinsesa na katulad ko."



Dumiretso na si Aysel sa kaniyang kwarto. Muli niyang tinignan ang sarili sa salamin at nakita niya ang kaniyang sarili na masayang nagtatanghal sa entablado.

Kaboom! Maririnig ang malakas na palakpakan ng mga manunuod.

*"Rapunsel! Rapunsel! Nandito na ako,*
*Iladlad mo ang iyong napakahabang buhok!"*



Biglang may humawak na kamay na may mahahabang kuko sa braso ni Rapunsel. ***"Nagkikipagkita ka pala sa prinsipe hah. Wala ka nang kawala! Mabuti pang putulin ko na ang iyong buhok. Bwuha ha ha ha!."*** Nakakatakot na wika ng mangkukulam na si Uban at bigla itong naglaho.

Si Uban ay ang matandang sakim na nagpalaki kay Rapunsel, buhaghag ang kaniyang buhok, kulubot na ang kanyang balat at mapanlinlang ang kaniyang mga ngiti.




Matagal na panahon nang itinatago ni Uban ang prinsesa sa tore dahil ayaw niyang matuklasan ni Rapunsel kung ano ang totoong mundo.

Dahil hindi sinagot ni Rapunsel ang pagtawag ng prinsipe, umalis na lamang ito at sumigaw na muling babalik.



Samantala, habang nag-iisa na lamang
si Rapunsel ay biglang dumating ang prinsipe
ng mga mais, naririnig nila sa maisan
ang pag-iyak ni Rapunsel kaya agad silang
nagtungo para kumustahin ito.
Mula sa mga taniman ay maririnig ang martsa
ng mga munting mais na paakyat sa tore.

*"Mahal na prinsesa, hindi man namin
maibabalik ang naputol mong mahabang
buhok, handa naman kaming ibigay
ang mga ginintuan naming buhok para lang sayo."*
wika ng prinsipe ng mais.



Nagising si Aysel mula sa isang panaginip, hawak ni Aling Melba ang kaniyang braso at ginigising siya nito para pumunta sa Teatro Kalaw at kausapin si Kuya Beni.



Sa Teatro Kalaw, naroon si Kuya Beni at pinagmamasdan ang marahang pagbukas ng telon.

*"Magandang araw, Kuya Beni!*

*"Oh kamusta ka Melba, tapos na ba ang damit ni Rapunsel?"*

*"Kaunting mga palamuti na lamang po"*

*"Pwede po ba na mag-usap muna tayong dalawa sa isang tabi"* sambit ni Kuya Beni



Pinipilit ni Aysel na marinig ang pinag-uusapon ng nanay niya at ni Kuya Beni ngunit hindi nya ito maintindihan.

Nagulat siya ng biglang may humawak sa kanyang balikat na kamay na may mahahabang kuko. Si Bianca lang pala ito, ang kaniyang bespren na nakasuot ng damit na pang mangkukulam.

*“Ayyyyyyyy! Ginulat mo naman ako, Bianca!“*

*“Hindi ba bagay ako sa pagiging mangkukulam? Nagulat ka eh.“*



*“Oh, bakit ka malungkot?“* tanong ni Bianca.

*“Kinakausap na ni nanay si Kuya Beni, kasi hindi na ako matutuloy na umarte bilang prinsesa”*

*“Alam mo ba naiinggit ako sayo, kasi pangarap ko talagang maging prinsesa. Pero ang importante magkasama pa rin tayo. Bakit hindi ka na aarte?“*

Hindi na masasagot ni Aysel ang tanong dahil biglang lalapit ang kaniyang nanay at si Kuya Beni.



***"Wag ka ng malungkot, matutuloy nang gupitin ng mangkukulam ang buhok mo."*** nakangiting paninigurado ni Aling Melba.

Pumayag na ang nanay ni Aysel na magtanghal siya sa entablado. Nawala ang lungkot sa mukha ni Aysel nang marinig ang balita at hindi niya napigilan ang sarili na yakapin ang kanyang nanay at ang kaibigang si Bianca.




Dumating na ang pinakahihintay na araw
ng pagtatanghal. Punong-puno ang mga upuan dahil
libre ang tiket nito bilang pangunahing handog
sa pagbubukas ng Teatro Kalaw. Unti-unting
magliliwanag ang entablado.



Nasa kalagitnaan na ng kwento ang pagtatanghal. Nalaman ng mangkukulam na si Uban na nakikipagkita si Rapunsel sa prinsipe. Nang akmang gugupitin na ng mangkukulam ang mahabang buhok ni Rapunsel ay hindi sinasadyang matatalisod ang prinsipe sa mahabang buhok ni Aysel mula sa ibaba ng tore.




Natanggal ang buhok ni Rapunsel na suot
ni Aysel at nasaksikahan ng mga manunuod
na ang prinsesa sa tore ay wala pa lang buhok
dahil hindi suot ni Aysel ang peluka niya.




Ito ang bulalas ng iba't ibang mga tao mula sa mga manonood.
At nangyari na nga ang kinatatakutan ng kanyang nanay na si Melba.

Nagsimulang panghinaan ng loob si Aysel
dahil nakita niya ang mga tao
na para bang nag-iba ang tingin sa kaniya.
Mula sa dami ng manunuod ay pinilit
niyang hanapin ang kanyang nanay
sa kinauupuan nito. Hindi niya maintindihan
ng malinaw ang sinasabi at sinesenyas nito.
Pero naintindihan niya na buong puso
itong sumusuporta sa kanya.





Lumapit si Bianca sa kaibigan para kausapin ito.

*"Aysel, pwede naman na magkaroon ng prinsesang kalbo at ikaw ang pinakamagandang prinsesa na walang buhok."* Sambit ni Bianca sa kaibigan.

Bumaba ng tore si Bianca at itinuloy ang pag-arte, sinubukan niyang mag-adlib bilang mangkukulam.

“HA HA HA HA HA HA! Kamangha-manghang nagtagumpay ang ginawa kong sumpa. Prinsipe, akala mo ba totoo ang buhok ni Rapunsel? HA HA HA HA HA!

“Ngayon, hindi na siya makakababa sa tore at hindi na kayo magkikita pa ng mahal mong prinsesa! HA HA HA HA!“ Bulalas ng masamang mangkukulam na may halong pang-iinis.



Tinuloy nila ang pag-arte at pinangatawan ang ginawang sumpa.

*"Kahit na hindi totoo ang buhok ng aking prinsesa, hindi pa din nagbago ang pagtingin ko sa kaniya. Siya pa rin ang Rapunsel na nakilala ko at handa akong gawin ang lahat magkasama lang kaming muli."* sabi ng prinsipe.







*"Nanghihina ang mahika ko, dahil sa kagagawan niyo."*

pasigaw na daing ni Uban.

Matatahimik ang lahat ng magsalita ang prinsesang kalbo.

*"Ang kagandahan at pagiging prinsesa ay hindi nakabatay sa iyong buhok. May buhok man o wala ang mas importante ay busilak ang iyong puso at wala ng ibang mas hihigit pa sa kapangyarihan ng pagmamahal."* buong pusong wika ni Rapunsel.



Pumalakpak si Aling Melba at si Kuya Beni.
Nagpalakpakan na rin ang lahat ng manonood.
Dahan-dahang magsasara ang tabing
at sa muli nitong pag-angat ay sasabay sabay
silang yuyuko bilang simbolo ng kanilang pasasalamat.





WAKAS

Huwag natin silang kutyain o pagtawanan,
sa halip ay unawain natin sila at suportahan.



Nagsimulang magkaroon ng Alopecia si Aysel noong pumanaw ang kaniyang tatay. Isa itong kondisyon kung saan nalalagas ang buhok ng patse-patse at kapag lumala ay nagiging dahilan ito ng pagkawala ng lahat ng buhok ng isang bata.

Maaaring dulot ito ng stress o kaya naman ay namamana. Maaaring tumubo pa ang buhok o kaya naman ay maaaring hindi na. Bihira lang ang nagkakaroon ng kondisyon na ito at hindi ito nakakahawa.

Ang kagandahan ay hindi kailan man mababatay sa panlabas na anyo. Ang mas higit na mahalaga ay kung ano ang iyong pagkatao at ang nilalaman ng iyong puso.



# GAWAIN

Kung ikaw si Bianca, maaari ka bang gumuhit ng peluka na babagay kay Aysel.



Kung ikaw si Aysel, maaari mo bang kulayan at lagyan ng palamuti ang damit pamprinsesa na babagay kay Bianca.



Maaari kang makatulong sa pamamagitan ng pagbibigay ng anumang halaga para mapalimbag ang aklat na ito. Makiisa sa aming layunin na maipamigay at maipaalam sa mas marami pang mga bata ang bihirang sakit na Alopecia.

GCash

*Nicole Vera Cruz*

09420068551

GOtyme bank

*Bianca Coleen Del Rosario*

019149531687

Bisitahin ang Alopecia Philippines Website sa pamamagitan ng pag i-scan sa QR code na ito.

Eunoia CREATIVES



*Eloisa Joy B. Saurin*
ILUSTRADOR



*Nicole Vera S. Cruz*
MAY AKDA



*David Martin P. Sarmiento*
ILUSTRADOR



*Allexzandra Phaye M. Francisco*
ILUSTRADOR



*Bianca Coleen Del Rosario*
ILUSTRADOR

Ang Eunoia Creatives ay binubuo ng isang grupo ng mga mag-aaral ng Visual Communication Program ng University of the East, College of Fine Arts, Architecture and Design na may layunin na gamitin ang sining upang maipaalam sa mas maraming tao ang bihirang sakit na Alopecia, pati na rin magbigay suporta hindi lamang sa mga bata, maging sa lahat ng taong nakararanas ng sakit na ito.

Samahan ninyo kaming magbigay ngiti at
magbigay suporta sa mga batang may Alopecia.



Ang librong ito ay bigay ni



Ilang buwan pa lamang ang nakalilipas noong pumanaw ang tatay ni Aysel. Kaya naman, lumipat sila ng kanyang nanay na si Aling Melba sa isang maliit na bahay na matatagpuan sa Sitio Kalaw. Si Aysel ay isang masayahing bata at katamtaman ang tangkad. Ang mahaba niyang buhok ay ubod ng itim at aabot sa may baywang.

Isang araw, nag awdisyon si Aysel at ang kaibigan niyang si Bianca sa Teatro Kalaw. At sa mismong araw ng kanyang pagtatanghal, mangyayari ang kinatatakutan ng kanyang nanay.

